DALIN
Journal of Literature Educators
Association of the Philippines, Inc.
REVIEW

# Tula bilang Katawan, Katawan bilang Tula: Ilang Pagninilay sa Kalipunang “Sa Ibang Katawan” ni Lean Borlongan

Jerwin Bilale Uy
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Quezon City, Philippines

“Mas masakit matibo sa mga maliliit na piraso,
mas mahirap mawala ang salubsob.”
- Luna Sicat-Cleto, *Makinilyang Altar*

“…anong parusa
ang maging parusa.”
- Lean Borlongan, *Habang Wala ang Guro*

**Abstrak.** Layong ipakita ng sanaysay ang epektibo at matapat na paglalarawan ni Borlongan ng personal na danas ng pagkakaroon ng kapansanan tungo sa kolektibo at sala-salabat na bagahe ng katawan [mental man o pisikal] sa kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng kaniyang mga tula, naibubukas ang mga napapanahong usapin hindi na lamang sa disabilidad, kundi maging sa paglaban at pakikipagtunggali sa isang lipunang hindi pa rin maunawaan nang lubos ang mga taong may kapansanan.

**Mga Susing Salita.** *Tula, Kapansanan, Katawan, Ibang Katawan*

**Tapik Sa Balikat**

Paano hinaharap ang mga multo ng sariling buhay nang mata sa mata? Sa paanong paraan maibubukas ang mga bubog ng pagkataong walang masumpungang kanlungan dahil sa mga kondisyong hindi naman ninais ni pinili? Sa kalipunan niya ng mga tula na pinamagatang *Sa Ibang Katawan* (2019), ibinahagi ni Lean Borlongan sa loob lamang ng dalawampu’t limang (25) tula, kasama ng mga guhit at personal na dokumento, ang halos isang buhay ng mga kabiguan, kahihiyan, galit, hinanakit, at ang pagnanasa sa mga bagay na ipinagkait sa kaniya ng mundo bunga ng kapansanan. Mapalad na pinaunlakan ni Borlongan ang mananaysay sa isang online na panayam upang lalo pang maunawaan ang inspirasyon at proseso sa paglikha ng *Sa Ibang Katawan.* Ayon sa kaniya, hindi naging madali ang pagsulat ng kalipunan ngunit dumating na sa puntong kailangan na itong harapin, sa pamamagitan ng pagsulat :

> …sobrang nabibigatan na ako sa sitwasyon ko, sa buhay, nuong time na sinusulat ko ito. Kasi, pa-thirty na ko nuon e, iyong mga tanong na araw-araw ay nagbu-burden sa akin. Halimbawa, bakit wala akong pera, bakit wala akong trabaho, wala akong asawa, wala akong pamilya. Andaming wala sa akin. Nagpapatung-patong siya na hindi ko na kaya... At sa palagay ko, iyong pinakaugat nito ay yung disability… kaya wala akong mga bagay na ito dahil mayroon akong medical condition. Sa mahabang panahon na tinatakbuhan ko siya, na-realize ko na kailangan ko na siyang harapin. (L. Borlongan, panayam, Marso 17, 2025)

Ngunit ang pagharap na ito sa kapansanan ay hindi lamang isang pansariling proseso ng paghilom. Batid ni Borlongan na ang tunggalian ng/sa katawan ay isang kolektibong karanasan sa isang lipunang kapos sa pang-unawa.

Tingnan ang dedikasyon sa unang pahina ng aklat: "alay/sa mga taong/sana'y/nagawa akong/ tanggapin." Taliwas sa mga tipikal na pasasalamat at pag-aalay sa mga mahal sa buhay, kaibigan, o pamilya, inihahandog ni Borlongan ang kaniyang kalipunan sa mismong mga taong hindi nakaunawa at naging bahagi ng kaniyang mapait na karanasan. Dito pa lamang, maaaring mahinuha ang pakay ng kalipunan: pag-unawa sa kabila ng mga panghuhusga, sa kabila ng sakit. Dagdag pa ni Borlongan, "Siguro sa pinaka-kalooban ko, iyong mga tao na nanakit sa akin, gusto ko silang maging kaibigan. Gusto ko silang mapalapit sa akin pero ayaw nila," (L. Borlongan, panayam, Marso 17, 2025).

Inilalatag ni Borlongan ang sariling buhay sa anyo ng tula ngunit ang laman ay hindi na lamang bunga ng talinghaga bagkus galing sa mga totoong [trawmatikong] karanasan mula pagkabata hanggang sa tubuan ng malay at hiya. Unang pahina pa lamang, bubungad na agad ang naka-scan na resulta ng head ultrasound noong siya ay labing-isa/labindalawang taong gulang. Tila ba ipinakikilala na ni Borlongan ang kaniyang sarili sa mga mambabasa at sa isang banda, inihahanda na rin sila sa kabuuang tema ng kalipunan: muling pagbalik sa nakaraan at pag-ako ng sa bagahe ng sariling katawan/kapansanan. Sa unang tula, ipinagtatapat ang masalimuot na proseso ng pagsulat ng kalipunan. Tingnan ang huling saknong ng tulang 'Bukambibig':

> Totoo, kailangan kong lunukin
>
> ang laway. Lakasan ang boses
>
> para bahagyang bumuti
>
> ang bigkas. Ang mga salita
>
> kinikipkip ko at itinutula
>
> isinusulat ng kamay sa nginig
>
> mga sulat sa pahinang
>
> para ring kinalahig. (p. 3)

Paliwanag ni Borlongan, "Nu'ng sinusulat ko iyan, umiiyak ako. To the time na siyempre, nababasa iyong papel, nabubutas, nasisira tapos iyong iyak ko, hindi ko siya kayang ibuhos nang buo, kasi ayokong marinig ako ng mga tao sa bahay [ngiti], alam mo iyon. Gusto kong lumaya through writing pero nakukulong pa rin ako," (L. Borlongan, panayam, Marso 17, 2025). Isinisiwalat ang bakas ng paglikha sa mga mambabasa. Ang pagsulat ng kalipunan ay hindi na lamang dahil sa tawag ng musa o basta-bastang tinipa gamit ang keyboard. Wala ring pagtatangka na humingi ng tulong sa iba para magsulat. Kahit sa aktuwal na akto ng pagsulat, naroon pa rin ang kapansanan bilang balakid. At naroon din ito, bilang karamay.

**Mga Dokumento bilang Bahagi ng Sarili**

May mga bahagi ng katawan na lumalagpas sa anatomikal at literal nitong kahulugan. Ika nga ay mga ekstensiyon ng sarili na hindi nakikita sa kahit na anong pisikal na eksamen o dokumento. Ang mga medical record, diagnosis report, x-ray result, at iba pang form na nakapalibot sa kalipunan ay tila malay na isinaayos ni Borlongan batay sa paglikdang ng panahon simula pagkabata hanggang sa magkamuwang ang persona sa tula. Tila ba sinasabing magkasalikop ang ugnayan ng [sariling] buhay at ng mga dokumentong nagpapakita ng katotohanan ng kaniyang sitwasyon. Ngunit sa isang banda, naibubunyag din sa kalipunan ang limitasyon at panganib ng basta na lamang paniniwala sa mga itinakda ng mga dokumento. Kagaya na lamang ng mga diagnosis

ng kalagayan at sa pagsagot sa mga tanong na sa unang tingin ay obhektibo ngunit kung paglilimiang mabuti, nagbibigay na pala ng mga limitasyon sa kung paano mo tingnan ang mga posibilidad ng iyong sarili.

Sa kabuuan ng kalipunan, ipinasilip ni Borlongan ang lahat ng diagnosis report patungkol sa kaniyang kondisyon: head ultrasound, language assessment, speech mechanism exam, CT scan. Ngunit kapansin-kapansin at interesanteng salangguhitan ang laman ng tula/dokumentong 'Form' kung saan ang nilagyan niya ng tsek sa tanong na "Do you have a disability?" ay ang sagot na "No" (p.18). Bukod sa malinaw na pagtanggi sa sariling kondisyon, maaari din itong tingnan bilang pakikipagtunggali sa itinakda ng mga dokumento. Dahil sa mga paraan na itinakda ng isang mapang-abuso at kapitalismong lipunan para sa mga taong may 'kapansanan,' sa halip na tulungan ay pinagkakakitaan/pinagkakaitan pa ng mga karapatan. Hindi dapat na ipagpasalamat o tingnan bilang isang pribilehiyo ang pagkakaroon ng disabilidad. Hindi kailanman magiging sapat ang 'pribilehiyo' at mga 'diskuwento' kapalit ng isang normal na buhay. Tingnan ang huling bahagi ng tulang 'Pay CR':

> Ano'ng pribilehiyo
>
> ang magamit para magmukhang
>
> mabait ang kapital?
>
> Ano ang kapalit
>
> sa hindi pagtanggap sa akin sa empleyo
>
> libreng ihi at iba pang diskwento? (p.34)

**Tula Bilang Katawan, Katuwang**

Walang layong mang-aliw/mansugat sa ngalan ng aliw/sugat ang makata. Sa madaling salita, hindi ito pagdila ng sariling sugat ni pagyayabang ng husay sa pagritmo o pagtugma kaya. Di lamang kahalo, bagkus kadikit ng mga berso't taludtod ang mga bangungot, pagkabigo, lunggati't mga naudlot na posibilidad ng isang buhay: mga maliliit na bubog ng sarili na kay hirap tanggalin sa pinagbaunang balat.

May popular na kasabihang para raw maunawaan ang isang tao, subukang isuot ang kaniyang sapatos nang sa gayon ay maramdaman kahit saglit, ang kaniyang pinanggagalingang sitwasyon. Sa mga tula ni Borlongan, tila hindi inuudyukang magsuot at walang inaalok na sapatos para sa mga mambabasa. Hindi nanghihingi ng simpatya ni ipinipilit ang identipikasyon. Bagkus nakikipag-usap ang mga tula, ipinaaabot ang katotohanang walang sinuman ang maaaring lubusang makaunawa sa pinagdaraanang sitwasyon, naramdamang sakit at dusa ng isang indibidwal. At hindi iyon dahilan upang hindi mabatid ang tunay na punto: pagdamay, pantay na pagtingin at pagkilala bilang kapwa-taong tulad mo, tulad ng lahat, mayroon ding mga pangarap, lihim, pagnanasa't simpleng pagnanais ang mga taong may kapansanan. Kagaya halimbawa, na makaihi sa normal na palikuran, magkaroon ng kasintahan at maayos na trabaho.

Para kay Borlongan, nagsusulat/tumutula siya dahil sa pamamagitan nito, nagkakaroon siya ng karamay. Nagiging sandalan ang pagsulat at nagkakaroon ng posibilidad na maunawaan pang lalo ang sarili sa piling ng iba, na pagbutihin pa ang paglikha nang walang pagdadalawang-isip. Sa pamamagitan ng pagtula, may posibilidad nang pagsilong kahit pansamantala ang hapong katawan. Nananahan sa ibang malay ang diwa. Dagdag pa niya:

> Through writing, napapalitaw ko iyong husay ko. May mga tao na tumatanggap sa akin dahil dito…iyong writing community, mga readers, natatanggap nila ako through writing. Mas duon na sila nakatingin, hindi na duon sa katawan, mas duon na sa kakayahan ko na mag-akda, sumusulat ako para duon, para sa pagtanggap. (L. Borlongan, panayam, Marso 17, 2025).

Tingnan ang makahulugang sipi mula sa tulang 'Sa Pagtula II' ni Borlongan (2019):


Corresponding Author: jbuy@up.edu.ph

Sa katawan ng tula
hindi pumipitlag ang mga ugat
May tinig ang mga labing
handang maghayag ng lalim
at lihim. Payapa ang diwa
sa pahina. Sa hugis ng tula
nabubura ang aking itsura
Kinakausap ako ng mga mambabasa
kahit panandali
nang may buong katawan. (p. 37)

**Katawan Bilang Pulitika/Poetika**

Maaaring hatiin sa dalawang bahagi ang mga tula ni Borlongan. Ang una ay nakatuon sa personal na dokumentasyon sa mapait na karanasan ng sariling katawan mula pagkabata. Ang ikalawa naman ay ang pagtatangka sa pag-alpas sa sariling katawan upang maghanap ng karamay: para saan at kanino, ano ang punto ng paghihirap ng katawan? Makikinita sa mga tula ni Borlongan na hindi lamang ito paghahanap ng "ibang" katawan na siyang papalit at magsisilbing panibagong sisidlan kung saan mawawala ang lahat ng paghihirap o di kaya ay romantikong paghahanap ng magiging kabiyak kaya. Sa isang banda, paghahanap din ito ng "kaparehong" katawan na siyang makauunawa, tatanggap.

Ipinapakita ang pagkamalay ng persona sa iba pang katawan. Sapagkat ang lahat ng katawan ay may dinadalang pulitika. Hindi na lamang pagnguyngoy ni pagtitig sa sariling pusod ang nagagawa ng mga tula sa kalipunan bagkus malay na nakikisangkot sa mga tunggaliang panlipunang hindi kayang takasan ng lahat ng katawan. At matapang itong hinaharap ng persona ng mga tula [walang iba kundi si Borlongan] sa kabila ng mga sariling kahinaan, kahit pa ang kapalit ay ang pagkawalay sa komportableng espasyo at pagkuwestiyon sa sariling mga paniniwala. Maaaring gawing halimbawa ang dalawang magkasunod na tula sa unang bahagi ng kalipunan: 'Mga Unang Hakbang' at 'Telebisyon.' Ang nauna ay patungkol sa naging agwat ng makata sa kaniyang pamilya, partikular sa kaniyang ama habang siya ay nagkakamuwang sa mundo. Tingnan ang makahulugang sipi sa 'Mga Unang Hakbang':

Pinahiram niya ako ng tatag
hanggang kayanin kong tumayo
humakbang, maglakad.

Sa aking pagbitaw
kapwa kami nagkamali ng hakbang.

Naglakad ako nang naglakad
malayong malayo sa kulambo
malayong malayo kay Tatay. (p. 13)

Hindi man hayagang sinabi ang mismong dahilan, ipinakita ng tula hindi lamang ang literal na paglayo sa sa itinuturing na "Ama" na siyang nagsisilbing proteksiyon at bakod sa salimuot ng tunay na mundo kundi ang pangangailangang layuan [kung hindi man kayang patayin] ang imahen ng Ama, ang imahen ng "kulambo." Maaari itong tingnan bilang mga representasyon ng mga komportableng posisyon (sa ideolohikal at metaporikal na pagpapakahulugan) upang harapin ang mga katotohanan ng buhay ng isang taong pinagkaitan ng katawan. Makikita rin ito sa tulang 'Telebisyon,' kung saan tuluyan nang isinuko ng persona ang posibilidad ng pagkakaroon ng milagro sa kaniyang kondisyon sa kabila ng relihiyosong debosyon. Tingnan ang huling mga linya:

…kay Kristo lalaya ang lahat

ng isinumpa at ako'y lumuha.

Naging estatiko ang telebisyon

heto ako sa parehong kundisyon. (p. 15)

Ang katubusan ng katawan ay hindi makapangyayari nang hindi umiiigpaw sa komportableng posisyon at sa pawang pag-asa na lamang ng himala. Sapagkat ang kaganapan ng katawan ay mas mauunawaan kung ilalagay sa naratibo hindi lamang ng sarili kundi maging sa lahat ng katawang nakararanas ng pang-aabuso at diskriminasyon.

**Pagyakap Sa Katawan**

Proseso ang paghilom. Bagamat may mga sugat na imposibleng lunasan ng panahon, hindi masama ang mga pagtatangka kahit sa mga pinakamumunting paraan, na yakapin ang nakaraang sarili, mga naudlot na buhay, mga nakaraang katawan na naging biktima ng pang-aabuso sa isang mapanghusgang lipunan. At sa mga tula sa kalipunan ni Borlongan, maaaring mahinuha ang sinseridad ng makatang ipaabot ang kaniyang kamay; nag-aanyaya ng pagdamay sa kabila ng mga sariling kahinaan, ng mga sariling kapansanan. Ika nga niya sa tulang 'Hanggang Paniwalaan': "Ang kapansanan/ay bahagi ko lamang/Hindi ang aking kabuuan," (p. 42). Pinatutunayan ng 'Sa Ibang Katawan' ni Borlongan na hindi hangganan ang pagkakaroon ng kapansanan. Dahil ang mga kabiguan, sa isang banda, ay isa lamang ding lagusan upang makilala ang kaganapan ng sarili sa piling ng iba pang katawan na kapwa nakikipagbuno sa pag-iral.

Lagi't laging may puwang para sa pagtanggap at pag-unawa, ngunit makapangyayari lamang ang pagbabago sa pakikisangkot sa mga usapin kaugnay sa/ng kapansanan higit pa sa simplistiko nitong mga kahulugan. At sa kaniyang kalipunan ng mga tula, ibinubukas ni Borlongan ang kaniyang katawan bilang panimulang tagpuan upang maunawaan pang lalo ng lahat kung bakit kay raming nagnanais ng ibang katawan, sa isang lipunang may kapansanan.

**Sanggunian**

Borlongan, L. (2019). *Sa ibang katawan*. Lungsod Quezon: Alphabet Communications.

Personal na panayam kay Lean Borlongan. (Marso 17, 2025).


Corresponding Author: jbuy@up.edu.ph

*Tubong Lemery, Batangas si Jerwin. Naging fellow sa mga pambansang palihan at nitong huli, sa kauna-unahang UST National Writing Fellowship (2024). Nailimbag ang kaniyang mga katha sa Liwayway, Katipunan, Luntian, Manlilikha, Brave New Words atbp. May-akda rin siya ng tatlong kalipunan (sariling-limbag): Aparador at ibang tula (2023), Minsan Hindi Ko Maiwasan (2023), at Mga Ordinaryong Pagkagunaw (2024).*

*Nagtapos siya ng kolehiyo sa UP Diliman bilang summa cum laude sa kursong BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino at nagpapatuloy sa kursong Masterado (Panitikan ng Pilipinas). Nagtuturo siya ng Malikhaing Pagsulat, Pananaliksik, at Kritisismong Pampanitikan sa Senior High School.*